# SA GITNA NG DAGAT

KC Daniel Inventor

SA PAGKAKATANDA KO, nasa tatlo o apat na taong gulang lang ako noong tumira kami nina Mama at Papa sa gitna ng dagat nang ilang buwan.

Dating seaman si Papa—oiler sa isang interisland cargo ship, isang uri ng barko na napapadpad at dumadaong sa kung saan-saang probinsya ng bansa para maghatid ng iba't ibang uri ng kargamento. Ibig sabihin, isa siya sa mga taong barko na madalas naglalagi sa engine room ng dambuhalang sasakyang-pandagat kung saan kapiling niya ang mga makina nitong siya ang naatasang maglinis para masiguradong banayad ang pagtakbo. Pero dahil sa barko nga nagtatrabaho ang tatay ko, madalas na ang terminong "seaman" ang ginagamit na pantukoy sa kanya ng mga tao bilang trabahador sa barko. Si Mama naman, asawang hindi mapakali sa bahay ng kanyang ama sa probinsya at walang tiwala sa bana niyang manlalayag.

Kaya sa oras na matunugan niyang nakadaong ang barko nina Papa sa pantalan ng Bacolod, ay agad-agad niyang hahablutin ang nakaimpake nang mga gamit niya at pipili ng isa sa amin ng nakababata kong kapatid na si Ace kung sino ang isasama. Para lang siyang pumipili ng damit na isusuot sa araw na iyon sa mga ganoong pagkakataon.

Hindi ko alam kung bakit kailangan lang niyang pumili ng isa sa amin at hindi na lang kaming dalawa ang isama, gayong libre naman ang pamasahe sa barko nina Papa na agad din namang dumidiretso ng Maynila. Gusto ko mang alamin mula mismo sa kanya ang sagot, matagal nang naghiwalay ang mga magulang ko at hindi na namin siya kasama sa mahabang panahon, kaya malabo na iyong mangyari. Sa tuwing itatanong ko naman ito kay Papa, "Ewan ko ba doon sa iloy mo," ang lagi at maikli niyang sagot. Kaya ang alam ko lang, madalas na si Ace ang naiiwan noon sa pangangalaga ni Papang, maternal grandfather ko, sa Negros Occidental. Kaya sa aming dalawa, ako rin ang mas nakaranas na ihele ng higanteng bakal na lumulutang sa dagat.

Itim at maruming pula ang kulay ng barko nina Papa. Sa tagal na niyon, kumupas na sa alaala ko ang pangalan nitong nakasulat sa puting pintura na mas pinalabo pa ng kalawang na unti-unting ngumangatngat sa mga letrang nakatatak sa bandang nguso ng barko. Napakarami at kalat-kalat ang mga barkong naroroon sa pantalan ng Maynila. Ang iba ay mga higanteng halos dumikit na sa sementadong piyer at ang iba naman, isa na roon ang barkong pinagtatrabahuan ni Papa, ay kasinlaki na lang ng kamao mula sa pampang. Kung titingnan mula sa malayo, para silang mga kakaibang dambuhalang hayop-dagat na nakalitaw ang mga ulo sa tubig. Nakaangkla sa

isang bahagi ng dagat na para bang may kung anong hinihintay na magaganap. Kung ano man iyon, hindi ko pa mawari noon. Pero ngayon, sa tuwing naaalala ko ang senaryong ito ay nagkakaroon na ng linaw sa akin. Sa pakiwari ko, naroon sila upang tunghayan kung paano ko haharapin ang hinihintay nilang pangyayaring iyon.

Buntis si Mama noong mga panahong iyon. Hindi ko matandaan kung ilang buwan na. Basta, namimintog na ang tiyan niyang nakaumbok sa mga suot niyang bulaklaking maternity dress na parang may kung anong prutas sa loob na maaari nang pitasin anumang oras. Dahil buntis nga, bigay ang lahat ng mga hilig niya. Lahat ng pagkaing gusto niyang kainin (kalimitan ay Skyflakes na pinapares niya sa ice cream, manggang hilaw na sinasawsaw niya sa bagoong alamang, at yelo na maya't maya niyang nginangata), lahat ng amoy na gusto niyang maamoy (amoy ni Papa kapag bagong ligo dahil ayaw na ayaw niyang lumalapit sa kanya ang bana kapag galing ito sa engine room), lahat ng taong gusto niyang makausap (si Papa at iyong babae sa kabilang kamaróte na asawa rin ng isa sa mga katrabaho niya), lahat ng pakiramdam na gusto niyang maramdaman (malamig na malamig at preskong pakiramdam), basta kayang gawan ng paraan ni Papa ay binibigay sa kanya. Maliban na lang sa isang bagay—ang matulog sa labas ng kamaróte sa gabi.

Para lang talaga sa isang tao ang bawat kamaróte sa barko. Para lang dapat kay Papa. Pero dahil naroon kami, pinagkakasya namin ang dalawa't kalahating katawan sa nakasasakal na kuwartong iyon na may pang-isahan lang ding tulugan.

Hindi maayos ang bentilasyon niyon. Nag-iisa lang ang bilog nitong bintana na yari pa sa makapal na salamin. Kasinlaki lang yata iyon ng plato at ni minsan ay hindi ko pa nakitang binuksan iyon ni Papa. May electric fan naman kami sa loob. Hindi na nga ito nakakapagpahinga sa pagtutok kay Mama lalo na sa mga gabing pakiramdam niya ay nakasalang siya sa pugon. Pero kahit hingalin pa sa walang humpay na paghihip-buga ng hangin ang electric fan, hindi nito mapigilan ang kumakatas na pawis sa katawan ni Mama. Madalas ay binubuksan niya ang pinto ng kamaróte para maihele siya ng malamig na hangin-dagat na nakapupuslit sa loob. Pero madalas ding pinasasara agad ito ni Papa dahil alam na alam niya kung ano ang magiging kasunod noon. Kapag nakakaidlip na kasi ang huli, siguradong tatakas si Mama ng tulog sa labas. Matatagpuan na lang siya ni Papa sa madaling-araw na mahimbing na humihilik sa mahabang bangkong kahoy sa tapat lang din ng kamaróte namin.

**Hindi ka gid ya mamati sa akon, no? Ma-aswang ka da gani sa sagwa, kag kung ano matabo sa bata sa tiyan nimo, bahala ka.** *Ayaw mo talagang makinig sa akin, ano? 'Pag ikaw naaswang diyan sa labas, at kung ano'ng mangyari sa bata sa tiyan mo, bahala ka.* Sirang plaka na babala ni Papa sa kanya.

Matindi ang paniniwala ng pamilya namin sa mga aswang at sa iba pang mga nilalang ng kababalaghan. Siguro dahil parehong tubong probinsya sa Visayas ang mga magulang ko—Si Mama sa Negros Occidental at si Papa naman sa Iloilo.

Sa Negros ako nag-aral mula grade 4 hanggang high school. At doon ko rin natutuhang isang malaking bahagi ng buhay ng mga taga-Visayas ang paniniwala sa mga aswang at iba pang mga elemento na tinatawag naming mga tag-lugar. Kaya

siguro naging natural na para sa amin ang mga usapan tungkol sa mahihiwaga at nakatatakot na nilalang na pinaniniwalaang maaaring magdulot ng sakit o hindi kaya, kamatayan. Bukod pa rito, manggagamot din si Lola Gratsing na nanay ni Papa —isang suruhano. Kaya naging bahagi na ng buhay niya ang napakaraming karanasan at paniniwalang umiinog sa mundo ng mga nilalang na ito mula pa noong bata siya hanggang sa magkaroon na nga siya ng sarili niyang pamilya.

Isa sa mga kuwentong aswang ni Papa na nakaimprenta na sa gunita ko ay iyong minsang naglaro sila ng mga kapatid niya ng taguan. Halos kaedad ko lang daw siya noong mga panahong iyon. Sa kagustuhang hindi agad mataya ng nakatatandang kapatid ay napadpad siya sa likod-bahay ng kapitbahay nilang si Maring, isang matandang babaeng pinaniniwalaang aswang. Nang makahanap daw siya ng mapagtataguan ay bigla na lang siyang sinakluban ng kaing ng matandang babae. Para siyang naparalisa nang silipin siya ng matandang aswang sa maninipis na siwang ng kaing. Binabanat daw ng pagngisi ang mga labi nito na parang nanlilibak at saka siya iniwan doon hanggang magdilim.

Kitang-kita at dinig na dinig daw niya ang mga kapatid pati na si Lola na tinatawag ang pangalan niya at hinahanap siya. Pero kahit anong pagsigaw pa ang gawin niya ay hindi siya marinig ng mga ito. Nagawa lang niyang makatakas doon nang masagi at matumba ang sisidlang nagkukulong sa kanya ng isa sa dalawang pagala-galang baboy na alaga ni Maring. Agad daw niyang kinuwento ang lahat kay Lola Gratsing pagkauwi. Mabuti na lang daw at kilala ni Maring si Lola bilang isang suruhano kaya baka natakot itong saktan siya. Dahil kung hindi, malamang ay

hindi na niya naikuwento sa aming magkapatid ang karanasan niyang ito na nagsilbi ring babala at paalala sa aming mga anak niya. Dahil sa kuwentong ito, mapagtatanto ko kung gaano kahina at walang kalaban-laban ang isang batang tulad ko noon laban sa mga nilalang na pinaniniwalaang nagtataglay ng itim na kapangyarihan.

Marami ring babala at paalala ang Lola Gratsing ko sa kanilang magkakapatid. Lalo na sa kanilang magkakapatid na lalaki na pare-parehong nagtatrabaho sa barko. Nakikisali pa nga raw sa pagbibigay ng babala ang banang si Lolo Daniel na siyang nagpasimula ng tradisyong maging seaman ang mga anak na lalaki sa kanyang pamilya. Mga babala at paalalang nakaugat sa dunong at kakayahang manggamot ni Lola Gratsing, at sa karanasan ni Lolo Daniel bilang beteranong manlalayag.

Ang sabi nila, kung mariit† sa lupa, mas mariit daw sa dagat. Mas maraming mga hindi pangkaraniwang nilalang na hindi nakikita ng mga mata ang nakatira sa lawak at lalim nito na puwedeng makapanakit ng tao, magambala man sila o hindi. Mas lalong mapanganib daw ang mga elementong ito lalo na sa mga bata at mga nagdadalang-tao kaya kailangan ang ibayong pag- iingat.

Ang mga tainga ko ang sabay na natatakot at napapagod sa tuwing maririnig ko ang mga paulit-ulit na kuwento at babalang iyon ni Papa sa nanay ko. Pero si Mama, hindi. Walang kahit anong babala ang makapipigil sa buntis na gustong mapawi ang pakiramdam na parang sinisigaan at unti-

† Salitang Hiligaynon na tumutukoy sa isang lugar na pinamamahayan ng mga engkanto at iba pang elemento. Pinaniniwalaang madalas na may naaaksidente o namamatay sa mariit na lugar.

unting nagliliyab. Kahit na nga siya na mismo ang nagkuwento kay Papa na noong minsang magnakaw siya ng tulog sa labas ay may nakita siyang itim na ibong kasinlaki ng tao na nakadapo sa railing ng barko. Tahimik lang daw itong nakatitig sa kanya. Parang pinagmamasdan ang pagtulog niya. At nang dali-dali siyang bumangon dahil sa takot ay bigla na lang itong naglaho sa paningin niya. Hindi raw niya sigurado kung lumipad ito palayo o naglaho na lang talagang basta dahil wala naman siyang narinig na pagpagaspas ng mga pakpak. Kung ako ang tatanungin, sa palagay ko ay nanaginip lang si Mama noong gabing iyon. Isang napakasamang panaginip na nagsilbing babala sa kanya at sa aming pamilya tungkol sa paparating na trahedya. Pero hindi ganoon ang paniniwala ni Papa.

**Hambal ko gid, mo, aswang to sa! Kapila ka na abi hambalan nga hindi magtulog sa sagwa, hindi ka gid mamati sa akon, mo.** *Sabi ko na, aswang 'yun! Ilang beses na kasi kitang pinagsabihang huwag matutulog sa labas, ayaw mo talagang makinig sa akin.* Siguradong sabi niya kay Mama na natapos sa mahabang sermon. Mabuti na lang daw at nagising siya bago pa may kung anong nangyaring masama sa kanya.

Ang totoo, may suspetsa na raw si Papa kung sino iyon. Dati raw nilang kasamahan iyon sa trabaho, pero matagal nang umalis at lumipat sa ibang barko. Hindi niya binanggit ang pangalan, pero nakuwento niya kay Mama kung bakit niya nasabing iyon nga at wala nang iba, ang nang-aswang sa nanay ko.

Noong wala pa raw kami sa barko, may usap-usapan nang aswang ang katrabaho nilang iyon. Noong una ay hindi naman daw siya bastang naniwala sa mga kuwento ng iba niyang

kasamahan dahil mabait at magaling naman daw makisama iyong pinaghihinalaan. Pero nang minsang mahimbing siyang natutulog sa kamaróte ay bigla na lang may kung anong dumagan sa dibdib at leeg niya na para siyang sinasakal. Anino lang daw ng isang lalaki ang naaninag niya dahil nakapatay ang ilaw at madilim sa loob ng kamaróte. Nang magawa niyang makawala, dali-dali raw siyang lumabas ng kamaróte. Naroon at nakatayo sa tapat ng pintuan ang katrabaho niyang pinaghihinalaang aswang. Sinalubong siya ng tanong kung ano ang nangyari sa kanya at ganoon na lang ang paghangos niya.

Dahil doon, napaniwala si Papa sa mga kuwento ng iba pa niyang kasama sa trabaho tungkol sa lalaking iyon. Iyon din ang naging dahilan kung bakit malakas ang kutob niyang ang lalaking iyon din ang itim na ibong nakita ni Mama. Kahit na raw kasi matagal nang umalis ang lalaki sa trabaho ay walang imposible sa isang aswang kung gugustuhin nitong mambagat ng isang buntis o ng isang batang mabibiktima, lalo na at naroroon lang din sa malapit ang barko kung saan lumipat ang lalaki. Pero dahil wala naman siyang kongkretong pruweba na aswang nga talaga ang pinaghihinalaan, at wala namang nangyaring masama kay Mama noong mga sumunod na araw noong linggong iyon, ay sandaling nabura ang mga pagkabahala, at nagpatuloy pa rin sa pagtakas si Mama para matulog sa labas ng kamaróte. Hanggang sa dumating na nga ang hindi inaasahang araw na iyon.

Sa pagkakaalala ko, tanghali iyon nang nagmamadaling magpasama si Mama kay Papa sa banyo. Hindi na raw niya kaya ang paghilab ng tiyan niya. Duming-dumi na raw talaga siya. Kaya naiwan akong nakaupo at naghihintay sa mahabang bangkong kahoy sa labas ng kamaróte.

Sa mga pagkakataong tulad nito na wala ang mga magulang ko para bantayan ako, dalawang maliliit na mundo lang sa loob ng barkong iyon ang puwede kong paglagian—ang masikip na kamaróte at ang mahabang bangkong kahoy sa labas nito. Hindi ako puwedeng lumampas sa mga katabi naming kamaróte at sa iba pang bahagi ng barko nang hindi ko kasama ang isa kina Mama at Papa, lalo na sa harapang bahagi ng barko kung saan naroroon ang mga pinagpatong-patong na mga higanteng bakal na kahong maruming pula, asul, at berde, na tulad din ng mga nakikita ko sa iba pang mga barkong nasa paligid na naaabot ng aking paningin. Ang sabi kasi ng kapitan nina Papa, delikado raw para sa nag-iisang bata sa barko at baka mahulog ako sa dagat nang walang nakapapansin.

Ang sabi ni Papa sa akin dati, may laman daw ang mga kahong iyon. At ang mga iyon ang tinutukoy niyang kargamentong inihahatid ng barko nila sa iba't ibang probinsya sa bansa. Pero kahit kailan ay hindi ko nalaman kung ano ang laman ng mga higanteng bakal na kahon, dahil bukod sa hindi ito nabanggit ni Papa sa akin sa mga pagkakataong napagkukuwentuhan namin ang mga araw na inilagi namin sa barkong iyon at hindi ko rin naman naitanong sa kanya, ang mga tingin ko lang ang tanging nakararating sa lugar na iyon. Siguro nga, kapag bata ka, may mga bagay na naaabot lang ng pag-arok ng iyong isapan sa pamamagitan ng mga tingin, dahil ano man ang gawin mo ay hindi ito kaya ng lakas at kakayahan mo bilang tao, bilang bata.

Habang nakaupo sa bangko ay napatitig ako nang matagal sa malawak na bahagi ng dagat na naaabot ng paningin ko. Sa pagkakatanda ko ay ganoon ako lagi sa tuwing tumatama ang tingin ko sa dagat. Sa dagat na tuloy-tuloy lang ang pagduyan sa higanteng metal na nagsisilbi naming tirahan.

Parang sabay ako nitong hinihipnotismo at nililibak. Nakalulula ang lawak nitong para bang pinamumukha sa akin na wala akong ibang matatakbuhan dahil hawak niya pati ang maliliit na mundong kumukulong sa akin sa barko. Noong sandaling iyon, pakiramdam ko ay para akong si Papa noong sakluban siya ni Maring ng sisidlang kaing. Paralisado. Walang kapangyarihan ang taglay na lakas ng katawan ko. Walang silbi ang angkin kong boses. Pero hindi tulad ni Papa na nailigtas ng mga pagala-galang baboy, nanatili akong nakakulong sa nagbabadyang lawak at lalim ng dagat. Bukod pa rito, parang may tinatagong parehong sikreto at babala ang madilim na kulay nito sa paningin ko, tulad ng mensaheng dala ng itim na ibon kay Mama.

Nakapako ang mga mata ko sa dagat ng sandaling ito nang bigla na lang pigtalin ng mga sigaw mula sa direksyon ng banyo ang namumuong koneksyon sa amin ng itim at misteryosong dagat. Lumukso akong pababa sa bangkong kahoy at kumaripas ng takbo patungo sa banyo. Nakita ko na lang na inaalalayan si Mama palabas doon nina Papa at ng ilan niyang kasamahan sa trabaho. Napitas na ang prutas sa umimpis na niyang tiyan. Pero nalito ako nang makita ang nagkakagulong mga hibla ng buhok na dumidikit sa mukha niyang basang-basa ng magkakahalong pawis, luha, at uhog. Ang akala ko nga noon ay nadulas siya kaya siya inaalalayan palabas doon. Pero nang mapansin kong may mga gumuguhit nang pulang likido pababa sa mga hita niya ay doon ko na lang nalamang may nangyaring masama sa kapatid ko.

Hindi ko na maalala ang mga sumunod na nangyari matapos noon. Ang huling naimprentang imahen sa isip ko nang sumilip ako sa banyo ay ang ulo ng sangol na nakasalpak sa butas ng inidoro. Makapal ang buhok nito. Nangingitim siya na

parang sinakal hanggang sa tuluyan na siyang iwan ng kanyang hininga. Matapos noon ay tuluyan na ngang nagsara ang pinto ng banyo.

ASWANG ANG NAGING turing ko sa dagat noon. Hindi ko maipaliwanag noon kung bakit. Basta ang alam ko lang, sa balintataw ko, isa siyang dambuhalang aswang na may matatalim na kuko, matutulis na pangil, at basta na lang nagpapabago-bago ng anyo. Nagmamasid. Nag-aabang. Tahimik siyang naghihintay ng tamang pagkakataon para manakmal. Pakiramdam ko, hinihigop niya ako paibaba kapag nagtatama ang mga tingin namin. At kahit hindi pa man lumalapat ang katawan ko sa kanya, ramdam ko ang kapangyarihan ng taglay niyang lamig na nanunuot sa bawat hibla ng mga kalamnan at mga ugat ko.

Gumagapang.

Gumuguhit.

Madilim.

Malalim.

Walang

katapusan.

Masasabi kong ito ang naging dahilan ng panginginig ko sa tuwing kailangan naming sumakay ng bangka papuntang

daungan para mag-grocery, kumain sa labas, o hindi kaya ay bumisita sa mga tiya at tiyo ko sa Caloocan.

Isang dambuhalang hamon para sa akin noon ang pagtawid-tawid mula sa barko papuntang daungan. Bago ko pa man kasi marating ang bangka na maghahatid sa amin sa piyer ay kailangan ko munang dumaan sa isang hagdang yari sa makakapal na lubid at matitibay na tabla. Parang isang matabang ahas na nakapulupot sa sarili nito ang hitsura ng hagdan. Pero nagmimistula itong patay na ahas na nakalambitin sa katawan ng barko kapag pinakakawalan na mula sa itaas ng kung sino mang gagamit nito.

Sa tuwing inaalalayan ako ni Papa pababa sa bangka ay palagi niya akong pinaaalalahanan na huwag na huwag akong titingin sa ibaba para hindi raw ako kabahan at malula. Maraming beses ko itong sinubukan. Pero sa haba ng hagdan at taas ng barko, idagdag pa ang ikli ng mga hita at braso ko, ay mabilis na tinatangay ng humihihip na hangin ang paulit-ulit na paalala niya kaya hirap akong sundin ito. Bukod kasi sa kailangan kong makita at siguraduhing lumapat ang mga paa ko sa mga tabla ay hindi ko matanggihan ang pagsitsit sa akin ng mga nanunuksong alon na parang mga nakangangang pating na nakaabang sa akin sa ibaba. Pinalalakas ng mga ito ang loob ng takot na nakakapit sa kumakalabog kong dibdib at nagbabanggaan kong mga tuhod. Kaya sa kabila ng mga paalala at pagpapalakas ni Papa ng loob ko, nauuwi pa rin siya sa pagyakap sa akin nang mahigpit gamit ang isang braso, habang ang kabilang kamay naman niya ay nakaalalay na nakakapit sa hagdan habang pababa kami sa bangka.

Noong mga panahong iyon, namamangha ako sa ideyang napakadali para sa matatanda ang umakyat-panaog sa barko gamit ang hagdang iyon. Sa mga mata ko, napakarami nilang kayang gawin sa loob ng mundong kinokontrol ng dagat na para bang hindi sila tinatablan ng takot na halos maya't maya namang sumasanib sa katawan ko hanggat alam kong naroroon ako sa sinapupunan ng tinuturing kong halimaw. Naisip ko, marahil ay taglay na nina Mama at Papa ang klase ng tapang na ito mula pa noong magpasya ang unang tumira sa barko kasama ang bana, at ang huli naman, nang piliin ang uri ng trabahong pinaghaharian ng dagat. Pero paano kaya natutuhang maging matapang ng matatanda? May nagturo kaya sa kanila? Malayong-malayo kasi talaga ang taglay nilang tapang sa pakiramdam kong pagtulay sa alambre ng kamatayan; sa pakiramdam na hinihiwalay ang kaluluwa sa pisikal na katawan. Kaya nga sa sobrang takot ko sa aswang na dagat noong mga panahong iyon, inunahan ko na ang inaasahan kong pagsakmal niya sa akin. Lumikha ako ng mga senaryo na sa huli ay hindi ko na mawari kung totoo bang nangyari o nilikha lang ng isip ko para agad nang matapos ang pagharap namin ng kinatatakutan kong halimaw:

*Mahigpit ang kapit ko sa makakapal na lubid habang pababa ako ng hagdang-ahas. Dahan-dahan dahil takot akong madulas. Hindi ako tumitingin sa ibaba dahil iyon ang pauit-ulit na paalala sa akin ni Papa. Pero kahit anong ingat ko ay hindi nagtagpo ang apakang tabla at ang sumunod kong hakbang. Bumulusok akong paibaba. Tuloy-tuloy hanggang sa maramdaman ko ang pagsakal ng dagat sa akin. Parang nakadagan ang lawak at lalim niya sa dibdib at leeg ko tulad noong atakehin ng aswang si Papa sa loob ng kamaróte. Pinipigilan niya akong huminga. Pinakawalan ko ang hangin sa aking mga baga sa porma ng mga*

*bulang may iba't ibang laki. Umaasang muling makalalanghap ng hangin. Nagpumiglas ako pero napakalakas niya. Unti-unti nang dumidilim ang paningin ko nang tumalon sa dagat sina Papa at ang iba pa niyang kasamahan sa trabaho. Kanya-kanya silang suot ng orange na life jacket. Lumangoy sila patungo sa akin para sagipin ako. Pero nang maiahon nila ako ay hindi pa rin mapawi ang panginginig ko. Hindi ko sigurado kung dahil lang ba iyon sa matinding lamig o dahil pa rin sa takot ko sa dagat.*

Sa pagkakaalala ko ay nasa grade 2 na ako nang matanggap kong hindi talaga nangyari ang mga senaryong iyon sa kabila ng mga kongkretong detalye at pakiramdam na hanggang ngayon ay dumadalaw pa rin sa akin paminsan-minsan. Napagtanto ko rin na marahil ay iyon lang ang tanging paraan ng mura kong isip na harapin ang kinatatakutang dagat – ang makasagupa siya at sa huli ay makaligtas at magtagumpay ako laban sa kanya, kahit na sabihing imahinasyon lang ang lahat ng iyon.

Sa paglipas ng mga taon, mapagtatanto ko kung bakit ganoon na lang ang naging pagtingin ko sa dagat noon. Sa mga probinsyang pinanggalingan ko, kung saan halos sambahin ang dagat ng mga taong nangangarap makapagtrabaho sa barko upang matupad ang mga pangarap nila para sa sarili at sa kanilang mga pamilya, ay lumihis ako sa nakasanayang pananaw ng lahat.

Kung para sa kanila, naging lubos na mapagbigay ang dagat, para sa akin, hindi. Sa katunayan, naging mapanlamang ito. Tuso. Tulad ng aswang, inilalayo niya ang mga anak sa mga magulang ng mga ito. Nililigaw sila sa mga labirintong nagbabalat-kayo bilang mga mapang-akit nilang pangarap at

agad silang susunggaban at aangkinin kapag nagkaroon na ito ng pagkakataon. Sa isang iglap, hahablutin nito mula sa kanilang mga kamay ang akala nilang natural na tahak ng kanilang buhay. Ang mamuhay sa lupa; sa mga lalawigan at lungsod. Kung tinitingnan nila ang dagat bilang tagapagtupad ng kanilang pangarap, tinitingnan ko naman ito bilang magnanakaw ng napakaraming bagay mula sa aking pagkabata. Ito ang nahubog na mentalidad sa akin nang dahil sa karanasang ipinagkaloob ng dagat. Mentalidad na isang araw ay hindi ko inaasahang magbabagong-anyo. Mula sa malalakas at humahampas na alon sa loob ko, mabubuhay ang hindi inaasahang katahimikan at kapayapaan.

MALAPIT NANG SUMISID ang araw sa dagat nang dumating sa barko ang pinasundong pari sakay ng bangka. Agad na inumpisahan ang sabay na pagbinyag at pagbasbas sa kapatid kong pinangalanang Skye ng mga magulang ko.

Lahat ng taong naroroon, maliban sa pari na bote ng holy water at bibliya ang hawak, ay may hawak na puting kandila at nakayuko. Nangingibabaw ang mga kulay na itim at puti na suot ng lahat na mas pinangibabaw pa ng pasulpot-sulpot na pagpalahaw ni Mama. Nakapalibot ang lahat sa isang berdeng kahon ng sapatos na nananahimik sa malamig na sahig na bakal ng barko.

Noong bata ako, may ugali akong hindi agad naniniwala sa masasama at malulungkot na nangyayari sa akin. Sa mga pagkakataong nag-aaway sina Mama at Papa o hindi kaya ay napapagalitan o napapalo ako ng isa sa kanila, palagi kong

iniisip na masamang panaginip lang iyon at magigising ako sa isang masayang reyalidad kung kukurutin ko ang sarili. Kaya noong mga sandaling iyon, pasimple kong sabay na kinurot nang pinong-pino ang magkabila kong hita hanggang sa mapapikit ako sa sakit. Nang imulat ko ang mga mata ko, umasa akong gagalaw na ang kahon ng sapatos. Umasa akong nagkamali lang ang lahat nang sabihing patay na ang kapatid namin ni Ace.

Nagpalipat-lipat ang mga mata ko sa kahon at sa mga mukhang naroroon. Naghahanap ng mga matang magsasabing huwag na akong mag-alala dahil pareho kami ng iniisip na mangyayari. Kaunting hintay pa at gagalaw rin ang kahon. Pero wala. Lahat ng mata ay nakatitig sa walang kibong kahon ng sapatos. Parang sinasabi sa akin na "wala na tayong magagawa."

Hindi ko lubos na naiintindihan noon kung paanong hinarap ng mga magulang ko ang kamatayan ng sana ay bunso nilang anak. Sa maya't mayang pag-iyak ni Mama at sa nakapanghihinang pananahimik ni Papa ko na lang iyon sinusubukang unawain, habang sabay ko ring inuunawa ang unang beses kong pagharap sa konsepto ng kamatayan. Hanggang ngayon, sinusubukan kong galugarin sa isip kung paano nga ba hinarap ng isang batang tulad ko noon ang pinakaunang kamatayang nasaksihan ko sa pamilya; ang isang pangyayaring 'di hamak na mas malaki at makapangyarihan ang kahulugan kesa sa akin. Hindi ko na maalala kung sa paanong paraan ako nagluksa. Umiyak din ba ako noon? Nanahimik din kaya ako? Natulala? Nagdamdam? Nagalit? Marahil nga ay pareho akong nagdamdam at nagalit—sa dagat —noon.

Dalawang maninipis na lubid at ilang pabigat na bato ang ginamit para ilibing ang kapatid ko sa dagat. Isinilid ang mga

bato sa loob ng kahon ng sapatos at saka itinali ang dalawang dulo nito gamit ang mga lubid. Dahan-dahan itong ibinaba sa itim at tahimik na dagat. Hinatid ko ng tingin ang kahon ng sapatos hanggang sa unti-unting lumabo ang imahen nito sa tubig. Inaangkin na siya ng kinatatakutan kong halimaw. Bumitiw ang mga kamay na may hawak sa mga lubid at tuluyan nang nawala sa paningin ko ang kahon, kasabay ng paglubog ng araw sa guhit na naghahati sa langit at dagat.

Ang pangyayaring iyon ang nagpabago sa tingin ko sa kanya. Mula sa isang kinatatakutang halimaw, naging isa na siyang nilalang na nalulunod sa sarili niyang mga luha at lumbay. Ang buong akala ko noon ay magdidiwang siya nang maangkin na niya ang kapatid ko, pero nagkamali ako. Magmula noon, sa tuwing nagtatama ang mga tingin namin ng dagat ay mas nararamdaman ko ang kanyang pagluluksa na sinundan ng biglang paghinahon ng dati ay mga bumabayong alon sa loob ko. Nagkaroon siya ng angking kapayapaan na para bang matagal na pala niyang gustong ibahagi sa akin, ngunit nang dahil sa takot ay tinatanggihan ko. Hindi ko na rin maramdaman ang paghigop niya sa akin paibaba tulad ng dati. Minsan naisip ko, siguro sa simula pa lang ay nakatakda na itong mangyari; na dapat ay mayroon siyang kunin mula sa akin upang mayroon din akong matanggap mula sa kanya; na dapat ay masaksihan ko ang kamatayan, kahit na sa murang ko edad ko pa lang, upang muli akong mabuhay na may taglay na bagong tatag at tapang; na kailangan ko talagang pagdaanan itong kakaibang pakikipagbuno sa dagat; parang isang uri ng ispiritwal na pakikipagsapalaran.

At marahil, kaya ako takot na takot sa kanya dati dahil kahit hindi ko pa naiintindihan noon, ramdam kong may

tatangayin siyang bahagi ng pagkabata ko na hindi niya na ibabalik sa akin kahit kailan. At tulad ng angking lalim ng dagat na hindi natin alam kung ilang lumubog na barko, bumagsak na eroplano, mga pumanaw na tao, at maririit na nilalang ang ikinukubli sa mga mata natin, tunay ngang nakakatakot ang mga bagay na hindi natin maipaliwanag at maintindihan, kaya madalas na binibigyan natin sila ng mga mukha. Madalas ding mukha ng mga nakakatakot na nilalang tulad ng aswang, upang kahit papaano ay may maintindihan at makapitan tayo at maging kongkreto sa atin ang mga bagay na gusto o kailangan nating sagupain.

Matagal na matagal na panahon na mula nang iwan namin ang bahaging iyon ng dagat kung saan nakahimlay ang bunso naming kapatid. Pero kahit minsan ay hindi ko hinayaang pati ang alaala niya, gaano man iyon kaiksi at kadilim, ay tangayin pa ng mga alon ng paglimot papalayo sa amin. Kung mayroon man akong kinalimutan, iyon ay ang matakot sa napakarami pang dagat na dapat kong suungin.